ULAT SA KASALUKUYANG KALAGAYAN NG MGA BATA
SA BAYAN NG SAN LUIS
TAONG 2011

I. PAUNANG SALITA

Ayon po sa Presidential Decree 603, kinikilala ang bata bilang isa sa pinakamahalagang yaman (assets) ng ating bansa, kaya dapat lang po na gawin natin ang lahat, upang itaguyod at paunlarin ang kanyang kagalingan at kapakanan.

Kaya po ang pag-uulat na ito sa kasalukuyang kalagayan ng mga bata dito sa Bayan ng San Luis, ay totoo pong isang gawain na dapat nating pahalagahan at bigyang pansin. Ang pag-uulat pong ito ay naglalayon na mabigyan ng maagang kamalayan at wastong kaalaman ang mga mamamayan hinggil sa kasalukuyang sitwasyon, mga nangyayari, mga problema/isyu, pangangailangan at mga hamon sa mga kabataan. Kasama na rin po saulat na ito ang mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng San Luis at iba pang mga ahensya na tumutulong sa atin upang matugunan ang mga pangangailangan at hamon para sa kapakanan ng mga bata.

II. MGA BATAS PAMBATA

Unahin po natin ang mga mahahalagang Batas Pambata na siyang legal na basehan ng lahat ng mga programa at serbisyo na akma at tumutugon sa bawat pangangailangan ng mga bata, batay sa kanilang mga karapatan.

1. **Kumbenyson Para sa Karapatan ng Bata (Convention on the Rights of the Child o CRC)** – ang batas pang mundo na nagtataguyod sa mga karapatan ng bata na **MABUHAY, UMUNLAD, MAPROTEKSYONAN at MAKILAHOK.**

2. **R.A. No. 6972 (Barangay Level Total Development and Protection of Children Act) –** nagtatadhana ng pagtatayo ng Day Care Center sa bawat Barangay at magsagawa ng mga programa para sa pagpapaunlad at proteksyon ng mga bata.

3. **R.A. No. 8980 (Early Childhood Care and Development Act/ECCD Act)** – batas na nagsasaad na magkaroon ng isang komprehensibong mga polisiya, programa at mga istraktura/mekanismo, para sa tuluy-tuloy na kapakanan, kaunlaran at kabutihan ng mga batang 0 – 6 na taon.

4. **R.A. No. 7610 (Special Protection of Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination)** – batas na nagbibigay ng espesyal na proteksyon para sa mga bata laban sa pang-aabuso, eksploytasyon, at diskriminasyon.

5. **R.A. No. 7658 (An Act Prohibiting the Employment of Children below 15 years of age in Public and Private Undertakings)** – batas na nagbabawal na mag-empleyo/magtrabaho ang mga batang 15 taon pababa sa publiko o sa pangpribadong mga gawain/hanapbuhay.

6. **R.A. No. 7648 (An Act Requiring Compulsory Immunization Against Hepatitis B for infants and Children Below 8 years old)** – batas na nagtatadhana ng pagpapaturok ng lahat ng sanggol at bata 8 taon pababa laban sa hepatitis B.

SINO PO BA ANG TINUTUKOY NA "BATA"?

Batay po sa ating umiiral na batas ang "BATA" ay sino mang tao na may edad na mababa sa 18 taon (18 years old), o sino mang 18 taon pataas na walang kakayahang pangalagaan at maproteksyon ang sarili laban sa pang-aabuso, kapabayaan, pagmamaltrato at eksploytasyon dahil sa pisikal o pangkaisipan na kapansanan nito.

III. MGA PROGRAMA AT SERBISYONG PAMBATA NA NAISAGAWA SA TAONG 2011 BATAY SA APAT NA SAKLAW NA KARAPATAN NG BATA

Nais ko rin pong banggitin sa bayan ng San Luis ay maroon tayong 11,023 na kabataan (0-18) taon gulang o katumbas ng 44.29 % ng ating kabuuang kabataan sa Bayan ng San Luis (Young Population). At dahil po dito ay marapat lang na lalong pagbutihin ng ating pamahalaan, katuwang ang pribadong sector, paaralan, simbahan at mga magulang ang pagsuporta sa lahat ng pangangailangan at mga karapatan ng mga bata upang lumaki silang responsable, produktibo at maaasahan na mamamayan ng ating Bayan sa Kinabukasan.

A. Kalusugan at Nutrisyon (Karapatang Mabuhay)

Ang lahat ng bata ay may karapatan pong:

- Isilang ng malusog, maayos at hindi "unwanted" o tinangkang agasin, nakaplano at kumpleto sa pre-natal/post natal check-up
- Pasusuhin sa ina (breastfed)
- Irehistro o mabigyan ng pangalan
- Mabigyan ng kumpletong bakuna laban sa mga sakit

Ang mga pangkalusugang serbisyo po natin sa mga bata ay ang mga sumusunod:

1. Maternal Care – Ang serbisyong ito ay para po sa mga buntis at nagpapasusong ina tulad ng "pre-natal/post natal" check-up, pagbibigay ng bitaminang Iron at pagtuturok ng tetanus toxoid; pagbibigay ng bitamina A at motibasyon na magpasuso ng anak. Meron po tayong napagsilbihan na 441 na buntis na ina at may pondong P 80,000.00

2. Child Care – Ito naman po ay mga serbisyong pangkalusugan para sa mga bata 0-6 taon tulad ng "immunization", pagbibigay ng bitamina A, mga gamut sa karaniwang ubo at sipon, pagtatae at iba pang sakit ng mga bata, kasama na rin po ang "Garantisadong Pambata" at "Iligtas sa Tigdas ang Pinas". Natugunan po natin ang mga pangangailangang ito at may 4,615 mga bata na may pondong P 500,000.

- ❖ May mga bata po tayong kulang sa timbang (malnourished) na dahilan rin po sa maling paniniwala at hindi wastong pagpapakain sa mga anak. Ang maruming kapaligiran, at kawalan ng malinis na palikuran at maruming inumin ay nagiging sanhi rin po ng problema ng “malnutrition”.

Tungkol naman po sa usaping pang nutrisyon, nais ko pong ibalita sa inyo na para sa taong 2011, ang Bayan ng San Luis ay pangatlo sa may maliit na bilang ng mga batang malnourished sa buong Lalawigan ng Aurora na may 1.55 %.

PREVALENCE RATE OF MALNUTRITION
AT SAN LUIS FOR 2011

RANK	BARANGAYS	Total Number Of Children Weighed	Under weight	Severely Underweight	Total	Percent
1	DIBAYABAY	147	13	2	15	10.2 %
2	ZARAH	303	18	8	26	8.58 %
3	DITEKI	173	11	3	14	8.09 %
4	L. PIMENTEL	142	9	2	11	7.74 %
5	REAL	172	11	2	13	7.55 %
6	DITUMABO	540	36	3	39	7.22 %
7	DIKAPINISAN	333	22	1	23	6.90 %
8	DIBALO	15	1	0	1	6.66 %
9	SAN JOSE	61	4	0	4	6.55 %
10	BARANGAY 3	64	4	0	4	6.25 %
11	SAN ISIDRO	254	10	3	13	5.11 %
12	NONONG, SR.	531	19	6	25	4.70 %
13	BARANGAY 2	87	4	0	4	4.58 %
14	DIMANAYAT	142	6	0	6	4.22 %
15	BARANGAY 4	162	6	0	6	3.70 %
16	BACONG	230	5	0	5	2.17 %
17	DIBUT	115	1	0	1	0.86 %
18	BARANGAY 1	35	0	0	0	0 %
TOTAL		**3,506**	**180**	**30**	**210**	**5.9 %**

Ang taunang pagdiriwang po natin ng Buwan ng Nutrisyon ay isinasagawa tuwing buwan ng Hulyo, kung saan ito ay sama-samang itinataguyod sa pangunguna ng Municipal Nutrition Council, kasama ang tanggapan ng MHO, MAO, MSWD,DepED, MPDC at iba pa sa pakikipagtulungan ng iba’t-ibang Barangay Councils, Sangguniang Bayan, mga magulang at mga empleyado ng munisipyo.

Meron din po tayo ngayong Suplemental Feedings sa ating mga day care children na may bilang na 1,115 at pondong P 1,183,380 sa loob ng 6 na buwan. Ang bawat bata po ay meron din “eating utensils” at “cooking utensils” naman para sa bawat day care center. Ang programa po ay direktang pinamamahalaan ng mga magulang sa pagsubaybay ng day care workers at MSWD staff.

Ang atin din pong mga mababang paaralan (elementary schools) ay nagkaroon ng “Feeding Program”, 2 beses isang lingo upang mapababa ang porsyento ng mga batang may mababang timbang (malnourished children) na nagsisipag-aral sa elementarya. Meron pong 440 na mga batang benepisyaryo nito sa mga paaralan ng San Luis kabilang ang San Luis Central School, Nonong, Sr. Elementary School, Ditumabo Elementary School, Kalapnit Elementary School, Diotorin Elementary School, Dikapinisan Elementary School at Diteki Elementary School. Ang lahat po ng 11 Elementary Schools ay nagdaos din ng pagdiriwang ng Buwan ng Nutrisyon sa kani-kanilang paaralan. Meron din pong “Oral Health Care Program” ang DepED para sa pagtuturo ng wastong pagsesepilyo at pangangalaga ng ngipin sa mga batang Grades I – III.

B. EDUKASYON (Karapatang Umunlad)

Karapatan po ng bawat bata na maturuan ng maayos sa murang edad pa lamang. Ang unang guro ng bata ay ang mga magulang. Sa loob po ng tahanan unang nahuhubog ang kaisipan/kaugalian ng bata. Ang mga karanasan po nila sa kanilang paglaki maging ito man ay positibo o negatibo (good or bad experiences), ay magiging malaki ang kinalaman o epekto nito sa kung anong klase ng pagkatao meron sila paglaki - masayahin, mapagmahal, maunawain, makatao, o kaya naman ay matapang, mapaghiganti, walang tiwala sa sarili at kapwa at galit sa mundo. Ang mga sumusunod po ang ating serbisyo na may kinalaman sa pag-unlad ng mga bata:

Ang atin pong Pamahalaang Bayan ng San Luis ay katuwang ng mga Sangguniang Barangay sa pagsuporta sa may 25 na Day Care Centers at 4 na Supervised Neighborhood Play groups na kung saan ang 1,115 na mga batang may edad 3-5 taong gulang ay nakatatanggap ng “early education”. Meron po tayong 93 % participation rate ng mga batang pumapasok sa day care (1,115 served against 1,125 surveyed children 3-5 years old). Ang pondo po natin sa honorarium ng 24 DCWs at 4 SNP workers na siyang araw-araw na sumusubaybay sa mga batang ito ay may kabuuang P 826,000.00 sa loob ng isang taon. Ang bawat barangay ay meron din pong dagdag na suporta sa honorarium ng mga day care workers sa halagang P 500 bawat buwan kada isang DCW. Ang Provincial Governnment ng Aurora ay nagbibigay din po ng P 500 bawat buwan sa isang DCW. Nais ko rin pong iulat sa inyo na bilang pagkilala sa mga pagsisikap at pagsisilbi ng ating mga masisipag na DCWs ay meron tayong 3 DCWs na binigyan ng “plantilla positions”. Sila po ay meron nang 20 taon pataas nang nagseserbisyo sa ating munisipyo. Para naman po sa mga DCWs na may 10 taon pataas nang nagsisilbi sa ating mga bata ay meron tayong insentibo na P 10,000 bawat isa na pinagtibay ng isang ordinansa na ipinasa po ng ating Kagalanggalang na Sangguniang Bayan. Meron po tayong 10 DCWs na makakatanggap ng insentibong ito ngayong taon.

Bilang suporta sa supplemental feeding sa mga day care centers na ang pondo ay galing sa DSWD Region 3, ay meron po tayong ipinamigay na mga toothbrush, face towel at toothpaste sa may 1,115 mga bata at plastic cabinets naman para sa mga day care centers na nagkakahalaga po ng P 53,780.

Ang isa pa pong programa natin sa edukasyon ay ang pagbibigay ng “school supplies” o kumpletong notebooks, ballpen at lapis sa mga mahihirap na mag-aaral. Nakapagbigay po tayo nito sa may 1,108 na estudyante sa mababang paaralan ng Camalatan, Hacienda, Diteki, Dibayabay, Dimanayat, Alasanay, IP’s ng Dikapinisan at 324 estudyante ng mataas na paaralan ng Dikapinisan at San Isidro. Tayo po ay nakagastos ng P 87,784.00.

Nakapagbigay din po tayo ng “financial assistance” sa may 350 mahihirap na estudyante sa mga paaralan ng Ditumabo, San Isidro, Dikapinisan at San Luis National High School. Ang bawat isa po ay tumanggap ng P 1,000 na ibinayad sa kanilang miscellaneous fees. Ito po ay may pondong P 350,000.00.

Meron din po tayong “rice allowance” sa mga mahihirap na estudyante na nag-aaral sa Dikapinisan National High School na mga taga Dimanayat, Alasanay, Dibayabay at Diotorin. Sila po ay tumatanggap ng 2 kilong bigas kada isang lingo sa loob ng 10 buwan. Sa 30 estudyante po na nakatatanggap nito ay nakagastos tayo ngP 39,600. Ang serbisyo pong ito ay naglalayon na matulungan natin ang mga estudyante at kanilang mga magulang na matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagkain lalo na sa mga panahon ng tag-ulan at malaki ang alon. Maiiwasan po ang pag-uwi nila lingo-linggo at ang pagliban sa klase kung abutan ng masamang panahon.

Para naman po sa mga mag-aaral ng kolehiyo ay meron tayong “College Scholarship” na kung saan ay 136 estudyante ang ating natutulungan. Ang tuition fee po ng bawat isa sa ASCOT ay ating binabayaran at may allowance silang P 500 kada buwan may kabuuang P 1,500,000 po ang ating itinaas na pondo para sa kanila.

Isang magandang balita po ang nais kong iulat sa inyo. Ang dormitory po para sa mga college scholars natin ay tapos na. Ito po ay matatagpuan sa Barangay Zabali, malapit sa ASCOT at nagkaroon po ito ng inagurasyon noong Agosto 22, 2011. Naging mga panauhin po natin ang mga taga CAVA Habitat (Cagayan Valley Habitat) na kung saan sila po ang tumulong upang maipatayo natin ang naturang dormitory. Ang mga kagamitan tulad ng katre, mesa, silya, kutson, gamit sa kusina at iba pa ay nagkakahalaga ng P 350,000. Ang bilang po ng estudyante na puwedeng tumira rito ay 64 (32 na babae, 32 na lalaki).

Samantala, ang Local School Board po natin ay mayroong sinusuportahan na 23 Grade School Teachers at may pondong **P 1,043,835.12.**

K. Mga Batang Nangangailangan ng Espesyal na Proteksyon o (Children in Need of Special Protection – CNSP) – (Karapatang Maproteksyunan)

- R.A 7610 – Ito po ang batas na nagbibigay proteksyon sa mga bata laban sa pang-aabuso, kapabayaan, eksploytasyon at diskriminasyon na makakaapekto sa kanilang pag-unlad.

  Mula po nang ipasa ang batas na ito ay unti-unti nang nagkakaroon ng kamalayan at pagkilos hindi lamang ang ating pamahalaan sa mga batang may ganitong kaso, ganon din po ang simbahan, NGOs at mga mamamayan.

- Ang mga karaniwang isyu/problema po na kailangang maiayos upang maibigay natin sa mga bata ang karapatang maproteksyonan ay ang mga sumusunod:

1. Meron pa pong mga Barangay Officials, mga naglilingkod sa gobyerno at mga tao sa pamayanan na walang paki-alam (indiferrent) sa mga kaso ng pang-aabuso at pagmamaltrato sa mga bata, kaya po ang lahat ay hinihikayat na ipagbigay alam sa Tanggapan ng Punong Barangay, sa PNP at MSWD ang mga pangyayaring ganito.

2. Karaniwang “perpetrators” o mga nang-aabuso ay kapamilya o hindi iba sa batang biktima. Ito po ay ang “domestic violence” na nangyayari mismo sa loob ng pamilya – nanay at anak na binubugboig ng asawa lalo na kung lasing, pagpapabaya ng magulang sa anak dahil abala sa bisyo/pag-aaway ng mag-asawa at iba pa.

3. May mga pamilya/magulang na ayaw makipagtulungan upang maireport at maisampa ang kaso para maparusahan ang nagkasala.

❖ Masasabi po nating hindi pa mataas ang bilang ng mga batang nangangailangan ng espesyal na proteksyon dito sa ating bayan katulad sa mga siyudad at matataong lugar, subalit hindi na po natin kailangang hintayin na dumami pa ang bilang ng ganitong mga kaso bago tayo gumawa ng aksyon/hakbang upang mapigilan ito at matulungan ang mga batang inaabuso.

❖ Sa taong 2011, ay meron pong naitalang kaso gaya ng sumusunod:

➢ Sexually abused	-	6 (all filed in court)
➢ Physically abused	-	1 (filed in court)
➢ Physically abused	-	3 (amicably settled)
➢ Children in Conflict with the law (*mga batang nagkasala sa batas*)	-	3 CICL (pending case under diversion program)
	-	2 CICL (under intervention program and temporary custody at Regional Rehabilitation for Youth Center at Arayat, Pampanga and Lingap Center, Tarlac City)
	-	5 CICL amicably settled in the barangay.

Tayo po ay nagtaan ng pondong P 50,000 para sa mga serbisyong medical, transportasyon, pagkain at iba pang pangangailangan ng mga batang may ganitong kaso.

Kaya meron po tayong mga sumusunod na Gawain at programa para rito:

1. Patuloy na pagpapalaganap/advocacy ng mga Batas Pambata tulad ng CRC para itaguyod ang mga Karapatan ng Bata; R.A 7610 para sa Proteksyon ng mga Bata Laban sa Pang-aabuso; R.A 9262 para labanan ang mga pang-aabuso sa mga kababaihan at kanilang mga anak; R.A 7658 para mapigilan ang child labor. Ang mga aktibo po sa mga gawaing ito ay ang PNP, MSWD, DILG, simbahan at mga paaralan. Ang PNP po ay nakapagtala ng 1,265 na nabigyan ng information dissemination tungkol sa mga batas pambata na ipinaiiral ng pamahalaan, kabilang po dito ang mga barangay officials at mga bata na naturuan sa loob ng paaralan.

2. Re-organisasyon at pagpapalakas sa ating Municipal at Barangay Council for the Protection of Children (MCPC at BCPC) upang mas maging malawak at marami ang magsuporta sa mga usaping pambata. Ang pribadong sector, ang simbahan at mga magulang ay hinihikayat na rin po na makiisa sa gawaing ito.

3. Patuloy na pagpapalakas (empowerment) sa bawat pamilya, grupo ng kababaihan at komunidad upang maiwasan o malabanan ang mga pang-aabuso at eksploytasyon sa mga bata.

D. KARAPATANG ISALI AT PAKINGGAN (RIGHT TO PARTICIPATION)

Ang atin pong pamahalaan ay kumikilala sa karapatan ng mga bata na isali at pakinggan sa pamamagitan ng R.A 8425 na kung saan ang kabataan ay isinama sa 4 na pangunahing sector ng "National Anti-Poverty Commision". Kaya meron po tayong Sangguniang Kabataan (SK) sa bawat barangay. Ang Sangguniang Kabataan (SK) at "Student Body Organization" sa mga paaralan ay isa na rin pong pagkilala sa pagsuporta sa karapatang ito ng mga bata. Kaya nga po sa usaping ito ay mayroon po tayong mga programa at serbisyo upang mas maging maayos at malawak ang partisipasyon ng mga kabataan sa mga isyu/usaping pambata at kaunlaran ng pamayanan.

1. Patuloy na pagpapalakas/pagpapaunlad ng mga organisasyong kabataan (SK, 4-H Club, Pag-Asa Youth Association) sa pamamagitan ng mga pagsasanay tungkol sa "leadership development".

2. Mag-organisa at palawakin pa ang ibang grupong kabataan para sa malawak na partisipasyon nila sa pagtukoy sa kanilang pangangailangan at kapakanan.

3. Magkaroon at ipagpatuloy ang mga gawaing pangkabataan na magtataguyod/magpapaunlad ng kanilang malusog at malinis na pamumuhay (healthy lifestyle) o iwas droga tulad ng youth forum at youth camp, clean and green projects at youth sports development.

Ang lahat pong mga nabanggit ko ay nagpapatunay na sa Bayan ng San Luis ay may kongkreto at matibay tayong sandigan ng pagpapahalaga upang ang lahat ng pangangailangan at karapatan ng ating mga bata ay makamit ng lubusan. At ating ipinagmamalaki na ang apat na regalo sa mga bata (4 gifts) ay ating maibigay. Ito po ang mga sumusunod.

1. Komprehensibong Plano sa Pagpapaunlad sa mga Bata (Compehensive Development for Children)

2. Taunang Plano para sa Gastusin para sa mga Bata (Annual Investment Plan for Children)

3. Lokal na Alituntunin Para sa mga Bata (Local Children's Code)

4. Lokal na Pag-uulat sa Kalagayan ng mga Bata (Local State of the Children Report)

IV. KONKLUSYON:

Lubos po kaming umaasa na ang ganitong pag-uulat ay magsilbing inspirasyon at motibasyon sa ating lahat --- Pamahalaan, Paaralan, Simbahan at Magulang, upang **SAMA-SAMANG MAGKAISA SA PAGTATAGUYOD NG ISANG PAMAYANANG MAGILIW AT MABUTI SA BATA – A "CHILD FRIENDLY MUNICIPALITY".**